# RPOC MEET Ginanap sa Daet






*Bilang RPOC chairman, pinangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Regional Peace & Order Council (RPOC) Meeting na ginanap sa Pineapple Island Resort sa bayan ng Daet noong ika-29 ng Marso. Pinamunuan din ni Gob. Tallado ang pagtalakay sa mahahalagang isyu patungkol sa Peace & Order; Drug Abuse Situation; Insurgency situation at ilan pang mga programa. Dumalo sa naturang pagpupulong ang mga opisyal mula sa iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan sa Rehiyong Bikol partikular na mula sa hanay ng PNP-PCSupt. Jose Arne Delos Santos; ARMY-Col Baladad kinatawan ni M/Gen Gaverza; DILG-RD Blandino Maceda; PDEA Dir. Archie A. Grande, at iba pa. Layunin nito na mataya ang mga progresong nagawa at matukoy ang mga angkop na solusyon sa mga nabanggit na problema ng buong rehiyong bikol.*

# Capitol employees sumailalim sa earthquake drill

Ang mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ay sumailalim sa isang *earthquake drill* na isinagawa sa Kapitolyo Probinsyal sa unang araw ng buwan, Marso 1 sa ganap na ika -9 n.u.

Nagsimula ang aktwal na *earthquake drill* pagkatapos ng isang minutong tuluy-tuloy na pagtunog ng *bell*. Ito ay isang hudyat na una nang ipinaalam sa mga kalahok bilang gabay nila sa pag-aksyon at upang matiyak ang maayos at sistematikong daloy ng naturang gawain.

Kasunod nito, ang mga opisyal at kawani sa mga tanggapan sa Kapitolyo Probinsyal ay agad isinagawa ang *duck-cover-hold rule.* Pinagsalikop nila ang kanikaniyang dalawang kamay na ipinantakip nila sa kanilang ulo at saka nagtago sa ilalim ng mesa.

Sa isa pang hudyat,

(Sundan sa pahina 3)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MARSO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com




Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**

EDITORYAL 4
Benipisyo para Sa Sr. Citizen 5



# Dalhugan Bridge sa Brgy. Bakal, Paracale binuksan na








*Nakatuwang ni Gob. Egay A. Tallado sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Madam Josie Baning-Tallado at PB Romeo P. Rivera ng Brgy . Bakal sa paggupit ng laso na nagsilbing hudyat sa pormal na pagbubukas ng Dalhugan Bridge sa publiko na siyang magdudugtong sa mga barangay ng Tabas at Bakal sa bayan ng Paracale. Naisakatuparan ng administrasyon ng gobernador ag naturang proyekto katuwang ang tanggapan ng bise gobernador at sangguniang panlalawigan. Isinagawa naman ni Msgr. Ochoa ang pagbabasbas sa naturang tulay habang nakasaksi ang mga taga-barangay na mabebenepisyuhan sa kaluwagan na idudulot ng pagkakagawa ng nasabing tulay na matagal na panahon nilang hinintay na maisakatuparan. Ang naturang proyektong ay pinondohan mula sa LBP Loan ng pamahalaang panlalawigan. Matapos ang inagurasyon ay pinangunahan ni Gob. Tallado akal ang isa na namang serye ng Multi-Services Caravan na idinaos sa bulwagan ng Brgy. Bakal.*

# Basic life support training

Isinagawa sa *Jocelle's Garden and Restaurant* ang 2-araw na *Basic Life Support Training* noong Marso 21-22, 2012. Ito ay itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng *Provincewide Investment Plan for Health (PIPH)*. Sinuportahan ito ng *Department of Health (DOH)* na nagbigay ng karagdagang pondo para sa naturang gawain.

Kabilang sa naging kalahok sa 2-araw na gawain ay ang kinauukulang mga opisyal at kawani ng *CNPH* at *rural health units (RHUs)*. Naging panauhing tagapagtalakay rito ang isang kinatawan mula sa *Bicol Medical Center (BMC)*, Naga *City* na isang lisensyadong *basic life support instructor*, ayon kay Mr. Marino Abogado, *HEPO II* ng *Provincial Health Office-Camarines Norte Provincial Hospital (PHO-CNPH)*.

Ipinahayag din ni G. Abogado na isinagawa ang nabanggit na pagsasanay sa layuning mapatatag at mapalawak ang kasanayan at kahandaan ng mga *health personnel* at *field health service providers* sa pagtugon sa panahon ng mga *health emergencies* gaya ng *malaria/dengue outbreaks,* at iba pang kahalintulad na sitwasyon na kailangan ang kanilang maagap na pag-aksyon at angkop na pagtugon sa iba't-ibang sitwasyon.

Aktibong sinuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang nasabing aktibidad sapagkat naniniwala siya na mas magiging epektibo ang mga *health personnel* sa pagtugon sa kani-kanilang mga tungkulin kung sila ay may sapat na kaalaman.

Inaasahan ng gobernador na sa pamamagitan nito, mas handa na ngayon ang mga *health personnel* sa pagharap sa anumang biglaan at/o di inaasahang mga pangyayari na nangangailangan ng kanilang kumprehensibong pagkilos para sa kapakanan ng sinumang indibidwal na nasa gitna ng emerhensya o panganib.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga *health personnel* sapagkat sila ang pangunahing nagsusulong ng mga programang pangkalusugan at pangkaligtasan man ng mga mamamayan na kanilang pinaglilingkuran lalo na ang pagligtas sa buhay ng sinumang nasa mapanganib na sitwasyon. ***LORENA DELA TORRE-***

# Women & Child Rights Training, isinagawa; mahalagang papel nila sa lipunan kinilala

Ang *Women's Rights Training* at ang *Child Rights Training* ay parehong isinagawa sa *St. Didachus Parish Hall* sa Brgy. Bagong Silang, Labo noong Marso 15 at 16, ayon sa pagkakasunod. Dinaluhan ito ng mga kababaehan at kabataan na kabilang sa mga tribung Kabihug na naninirahan sa mga bayan ng Capalonga at Labo.

Ang dalawang nabanggit na aktibidad ay bahagi ng *Indigenous People Empowerment and Development Project (IP-EDP)* na halos apat na taon na ngayong ipinatutupad ng *Socio-Pastoral Action Center Foundation Inc. (SPACFI)* na kilala rin bilang Caritas-Daet. Layunin ng *IP-EDP* na matugunan ang mga pinakapangunahing pangangailangan ng mga tribong Kabihug sa pamamagitan ng pagbibigay-lakas at pagpapaunlad sa kanilang mga kaalaman at kasanayan.

Ang mga bahagi ng proyekto ay pawang nakasentro sa pagbibigay ng iba't-ibang serbisyo sa mga katutubo. Kabilang dito ang paghahatid sa kanila ng mga serbisyong panlipunan at pang-edukasyon, pagpapayabong ng kanilang kultura gayundin ang pagpapaunlad sa kanilang katutubong pamamahala *(tribal governance)*.

Lubos itong sinuportahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na nagsabing kabilang sa mga prayoridad ng kanyang administrasyon ang pagtataguyod sa mga karapatang pantao ng mga kabataan at kababaehan. Binigyang-diin ni Gob. Tallado na ang mga kabataan at kababaehan ay mahahalagang miyembro ng lipunan at malaki ang kontribusyon nila tungo sa pagbuo ng isang matatag at maunlad na bansa.

Itinaguyod ng Caritas-Daet ang *Women's Rights Training* bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng buong bansa sa *Women's Month* ngayong taon na nakatuon sa temang: *"Women Weathering Climate Change: Governance and Accountability, Everyone's Responsibility"*.

Naging panauhing tagapagsalita rito si *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Officer* Carlos C. Galvez ng *PDRRMO* na kumprehensibong tinalakay ang mga paksa ukol sa mga paghahandang dapat gawin sa pagharap sa iba't-ibang uri ng kalamidad at emerhensya. Ipinaliwanag din niya ang mga sistemang dapat gamitin upang maagap na mabigyang-babala ang publiko atmakapaghanda at makapag-ingat para makaiwas sila sa posibleng panganib sa kanilang buhay.

Samantala, si *Community* Affairs *Officer IV* Purita P. Briñas naman ang tumalakay sa mahahalagang mga probisyon ng *R.A. 9710 (An Act Providing for the Magna Carta of Women)* na isang kumprehensibong batas ukol sa mga karapatang pantao ng mga kababaihan. Layunin ng nasabing batas na matigil ang diskriminasyon laban sa mga kababaihan sa pamamagitan ng pagkilala, pagprotekta, pagpapatupad at pagsusulong sa mga karapatan ng mga kababaihang Pilipino lalo na yaong nabibilang sa mga sektor na hindi gaanong napagtutuunan ng pansin.

Idinagdag ni Ms. Briñas na itinatakda sa Seksyon 10 ng *RA 9710* na kabilang sa mga karapatan ng mga kababaehan ang mabigyan ng proteksyon at seguridad sa panahon ng mga kaguluhan, kalamidad at iba pang kritikal na sitwasyon lalo na sa lahat na bahagi ng *relief, recovery, rehabilitation* at *construction efforts.* Tungkulin ng Estado na tugunan ang lehitimong pangangailangan ng mga kababaehan mula sa pangkasariang pananaw para matiyak ang kanilang lubos na proteksyon mula sa pang-aabusong sekswal at iba pang *sexual and gender-based violence* laban sa kanila. Kasama sa pagtugon sa mga *disaster situations* ang pagbibigay sa kanila ng *psycho-social support*, tulong na pangkabuhayan, pang-edukasyon, kalusugang sikolohikal, at kumprehensibong serbisyong pangkalusugan, kasama na ang pagbibigay-proteksyon sa kanila sa panahon ng kanilang pagdadalantao.

Ang mga mahahalagang detalye at impormasyon naman patungkol sa *Child's Rights* ay tinalakay ni Gng. Cynthia R. dela Cruz, *Acting PSWDO* ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*. ***LORENA DELA TORRE - IBASCO***

# Women's Rights and International Peace Day

Nakiisa ang Lalawigan ng Camarines Norte sa selebrasyon ng *Women's Rights and International Peace Day (WRIPD)* ngayong taon na idinaos noong Marso 8 na nakasentro sa pambansang tema na, *"Women Weathering Climate Change: Governance and Accountability Everyone's Responsibility"*. Ipinagdiwang ito sa buong bansa susog sa Proklamasyon Blg. 224 na nagdeklara sa unang linggo ng Marso ng bawat taon bilang Linggo ng Kababaihan at ang ika-8 ng Marso ng bawat taon bilang *WRIPD*. Ito rin ay alinsunod sa *R.A. 6949* na nagdeklara sa ika-8 ng Marso ng bawat taon bilang *special working holiday* na tinawag bilang *National Women's Day*.

Ito ay aktibong sinuportahan ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa pamamagitan ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO)* katuwang ang *Provincial Social Welfare and Development Office (PSDWO)* at *Community Affairs Office (CAO)*. Aktibo rin itong itinaguyod ng butihing maybahay ng gobernador na si Mam Josie Baning-Tallado.

Mapapansin na sa nakalipas na mga panahon, madalas na naisasai-santabi ang opinyon at pananaw ng mga kababaihan sa mga isyung pampamilya at panlipunan ngunit ngayon ay natatamamasa ng mga kababaihan ang kanilang mga ka-rapatan at pribilehiyo na tulad ng mga kalalakehan.

Sinabi ni Gng. Tallado na ang selebrasyon nga-yong taon ay isang magandang oportunidad para ipakita ng mga kababaihan na mahalaga ang papel nila hindi lamang sa paghubog ng maayos na pamilya kundi lalo na sa pagsusulong ng mga gawaing pangkalikasan. Kabilang dito ang kakayahan nila sa pagbawas sa mga negatibong epekto ng biglaang pagbabagu-bago ng panahon *(climate change)* na nagdudulot ng mga kalamidad gaya ng baha, lindol, pagguho ng lupa, at iba pa.

Nagalak din si Gng. Tallado na ang tema ng okasyon ngayong taon ay nakasentro sa pagkilala sa mga kababaihan bilang malakas at maka-

*(Sundan sa pahina 7)*

# Karapatan, kakayahan ng mga PWDs kinikilala ni Gob. Tallado

Naniniwala si Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na ang katatagan at kaunlaran ng bansa ay nakasalalay sa produktibong mga mamamayan nito na ang mga lehitimong karapatan at pribilehiyo ay kailangang maipagkaloob ng pamahalaan. Ngunit dahil sa kakulangan ng pondo, hindi lubusang naipatutupad ang mga inisyatibo para sa kanilang kapakanan lalo na ang mga kabilang sa *vulnerable sectors* partikular na ang mga *persons with disabilities (PWDs)*.

Katulad ng mga kabataan at mga nakatatanda *(senior citizens)*, kailangan din ng mga *PWDs* ang higit na atensyon at pagkalinga ng pamahalaan at mga kinauukulang sektor ng pamayanan lalo na ang kanilang pamilya Lubos itong nababatid ni Gob. Tallado kaya itinaguyod niya ang *organizational meeting* ng *Provincial Council on Disability Affairs (PCDA)* na idinaos sa *Central Plaza Restaurant*, Daet noong Peb. 28, 2012. Layunin nito na makabuo ng isang konseho na siyang bubuo ng mga polisiya at panukala para sa mga programa at serbisyo na magtataguyod sa karapatan at kagalingan ng mga *PWDs*.

Hindi man nakarating sa pulong dahil sa mas naunang *commitment*, ipinaabot ng gobernador na buo ang suporta niya sa *PCDA* na inaasahan niyang mangangalaga sa mga *PWDs* at siyang tutulong para mapaunlad ang kanilang potensyal at kakayahan.

Sa pamamagitan ng kanyang kinatawan na si *Exec. Asst. IV/OIC Provincial Administrator* Jose G. Boma, hiningi ni Gob. Tallado ang kooperasyon ng lahat para mapalakas ang mga *PWDs* at mabigyan sila ng pantay na oportunidad para mapatunayan nila na sila man ay kapaki-pakinabang na mga miyembro ng lipunan.

Dumating din si *Prof.* Rex A. Bernardo na nilahad ang buod ng *United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities (UNCRPD)* at ibinahagi ang *PWD Program Implementation*. Ang paksang *Creating an Inclusive Education Atmosphere for Children with Disabilities (CWDs)* ay tinalakay naman ni Dr. Shirley Dioneda, ang may-ari at tagapamahala ng Dione-da's *Special School of Daet (DSSD)* na ang mga estudyante ay pawang *CWDs*. Kasamang dumating ni Dr. Dioneda ang kanilang mga estudyanteng *CWDs* partikular na ang mga *secondary students* nila na siyang nagbigay ng *doxology*.

Ang naging pinakatampok na bahagi ng pulong ay ang patungkol sa pagbuo ng *PCDA* at *Municipal CDA* para mas mapaigting at lubos na mapalawak ang mga pagkilos para matiyak na matatamasa ng mga *PWDs* ang kanilang mga karapatang pantao.

Ang inisyatibo para sa pagbalangkas ng *PCDA* ay susog sa *EO 709* s. 2008 ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas may petsang 26 Pebrero na ginamit ang bagong pangalan na *National Council on Disability Affairs (NCDA)*, dating *National Council for the Welfare of Disabled Persons (NCWDP)*.

Ang drap *(draft)* ng kautusang tagapagpaganap na may titulong: *"Renaming of the Provincial Committee for the Welfare of Disabled Persons to Provincial*

(Sundan sa pahina 6)

# PSWDO-CN atbp. binigyang-parangal sa unang anibersaryo ng CMOG-PN

Ipinagdiwang ng *Civil Military Operations Group-Philippine Navy (CMOG-PN)* ang kanilang unang anibersaryo noong Marso 16, 2012 sa ilalim ng temang: *"CMOG-PN: The Navy's (Navy as) Catalyst in Winning the Hearts and Minds of the People towards Lasting Peace and Sustainable Development"*. Naging panauhing pandangal at tagapagsalita rito si *Commo* Jaime S. Bernardino, *AF, Commander, Fleet-Marine Ready Force* na nagbigay ng kanyang *inspirational message*.

Simple ngunit makabuluhan ang mga aktibidad na isinagawa sa naturang selebrasyon na tumuon sa mga katangi-tanging nagawa ng *CMOG-PN* na nakabase sa *Marine Barracks Rudiardo Brown*, Taguig *City*. Ang pinakatampok na bahagi ng programa na idinaos sa *Philippine Navy Officers Club Main Dining Hall* ay ang paggawad ng mga parangal at pagkilala sa mga kinauukulang pamahalaang lokal, *civilian personalities*, at *non-government organizations (NGOs)* na naging katulong ng *CMOG-PN* sa pagsusulong ng iba't-ibang programa, proyekto, gawain at inisyatibong pangkapayapaan, pampamayanan at pangkaunlaran man.

Kabilang sa mga pinarangalan sa okasyon ay ang *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)-Camarines Norte* na pinamumunuan ni *Acting PSWDO* Cynthia R. dela Cruz. Dahil sa kasinhalagang okasyon na una na niyang natanguan, ang gawad-pagkilala ay tinanggap ng kanyang kinatawan na si Ms. Aileen S. Camacho.

Ang iba pang indibidwal at mga pambansang ahensya, pamahalaang lokal at pribadong sektor na pinagkalooban ng kahalintulad na gawad-pagkilala ay ang mga sumusunod: *Mayor* John Rey M. Tiangco ng Navotas *City*; PB Tirso R. Andrada ng Dibacong, Casiguran, Aurora; Mark A. Cervantes, *Program Specialist on Disaster Risk Reduction, International Institute of Rural Reconstruction*; Aileen B. Sison, *chairperson, Institute for the Development of Educational and Ecological Alternatives (IDEAS), Inc.*; *The Church of Christ of Latter Day Saints in the Philippines*; *TV5 News and Information*; *GMA* Kapuso *Foundation*; Belen B. Francisco *Foundation Inc.*, at *Department of Agriculture Region IX (DA-R IX)*.

Binigyang-pagkilala rin dito ang mga sumusunod na *military personnel/unit*: *CMOU-NCR - Best Civil Military Operations Unit of the Year*; *SSgt* Aljimar B. Vllaruz *PN (M) – Best CMOG-PN Enlisted Personnel of the Year*, at *Col.* Rodalyn T. Manzano *PN (M) (MNSA) (RES) – Deputy Brigade Commander*, 7 *MBDE*. Ito ay bilang pagkilala sa kanilang katangi-tanging mga nagawa na lubos na nakatulong sa pagsusulong ng misyon at bisyon ng kanilang pambansang pamunuan. Inaasahan na sa pamamagitan nito mahihikayat ang iba pa na ibigay ang kanilang pinakamahusay na paglilingkod hindi lamang para sa kanilang personal na interes kundi lalo't higit sa taumbayan na kanilang pinaglilingkuran.

Ang tampok na bahagi ng naturang programa ay ang pagpresenta ng pinakaunang isyu ng *CMOG-PN Newsletter* na naglalaman ng mga pinakamahahalagang nagawa ng mga sangay ng *CMOG-PN* sa iba't-ibang panig ng ating bansa. Itinampok sa babasahin ang mga inisyatibong ginawa, ginagawa at gagawin pa ng *CMOG-PN* para maisulong ang mga programang pangkapayapaan at panseguridad sa pakikipagtulungan sa mga pampamahalaan at pribadong sektor man.

Ipinaabot naman ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang kanyang pasasalamat sa hanay ng *CMOG-PN* dito na palagiang sumasama sa Aprub Ka

(Sundan sa pahina 6)

# Earthquake drill ...

(Mula sa pahina 1)

dahan-dahan silang lumabas ng opisina habang natatakpan ng kanilang kamay ang kani-kanilang ulo. Nanatili sila sa ganoong posisyon hanggang nakarating sila at nagkatipun-tipon sa harapan ng Kapitolyo Probinsyal kung saan naghintay sila ng iba pang tagubilin.

Itinaguyod ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *earthquake drill* sa layuning mabigyan ng angkop na impormasyon ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan ukol sa tamang paghahanda kung may lindol. Ang nabanggit na aktibidad ay naisakatuparan sa pangunguna ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO)* na pinamumunuan ni *PDRRM Officer* Carlos C. Galvez.

Lubos namang pinasalamatan ni Gob. Tallado ang lahat ng nakiisa sa *earthquake drill* lalo na ang *Philippine Red Cross (PRC) Camarines Norte Chapter* na pinamumunuan ng kanyang butihing maybahay na si Mam Josie Baning-Tallado. Kinilala rin ng gobernador ang tulong at suportang ibinigay ng *Philippine National Police (PNP)*, *Bureau of Fire Protection (BFP)* at iba pang pampamahalaang tanggapan at pribadong samahan/organisasyon.

Binigyang-diin ng gobernador na ang sapat na kaalaman, kasanayan at kahandaan sa pagharap at pag-aksyon sa mga biglaang pangyayaring katulad ng lindol o sunog kaya ay mahalaga. Sa pamamagitan nito, makaiiwas tayo sa sobrang takot at/o pagkataranta kaya mas mabilis tayong makapag-iisip at makakikilos ng wasto para mailigtas ang

(Sundan sa pahina 6)

Be Safe.
Don't give your name and address through the Internet.

# EDITORYAL

## Araw ng pagtatapos; bagong paghamon

Buwan ng Marso, panahon na naman ng kabi-kabilang *'graduation rites'* kaya abalang-abala ang mga estudyante at kanilang mga magulang na kung minsan ay mas 'excited' pa sa kanila lalo na kung sila ay tatanggap ng mga parangal.

Sa wakas, tapos na ang ilang taong 'pagsusunog ng kilay' ng mga estudyante; paggising nang maaga; paggawa ng santambak na *assignments* at proyekto; pagpasok kahit maulan.

Tapos na rin ang pagtitiis nila sa ilang guro na nagbigay ng kung anu-anong proyekto at *assignments* kasabay sa iskedyul ng mga pagsusulit o bilang kundisyon para sila ay maka-gradweyt. Sana naman ay magpalabas ng mas mahigpit na patakaran ukol dito ang *Department of Education (DepEd)* para maputol na ang ika nga ay kapritso ng ilang pasaway na guro, at nang sa gayon ay hindi na madagdagan ang kanilang bilang.

Hudyat din ito na sandaling makakapahinga sa gastusin sa paaralan ang mga magulang lalo na ang kunsumisyon sa mga anak na tamad pumasok sa paaralan lalo na ang mag-aral.

Ang araw ng pagtatapos ay isang masayang okasyon hindi lamang para sa mga estudyante at kanilang magulang kundi sa mga guro at pamunuan ng paaralan. Simbolo ito na handa na sila sa pagpasok sa panibagong yugto ng kanilang buhay-estudyante - mas mataas na antas ng edukasyon, mas mapaghamon.

Ngunit kakabit ng okasyong ito ang mga bayarin sa pagarkila at pagdekorasyon sa pagdarausan ng seremonya; gastos sa pag-arkila ng toga na kadalasang paunahan; pambili ng damit at sapatos para sa *graduation ball*, at marami pang iba.

Dahil dito, ipinalabas ni Kalihim Armin A. Luistro ng *DepEd* ang *Department Order No. 9, s. 2012* na nag-uutos sa pagdaraos ng simpleng seremonya ng pagtatapos *(graduation rites)* sa lahat ng paaralang elementarya at sekondarya. Ipinaalala rin niya ang *DepEd Order No. 8, s. 2005* na nagsasabing ang mga guro; *public school heads*, at *DepEd personnel* ay hindi dapat mangolekta ng *graduation fees* o anumang kontribusyon; hindi dapat humingi ng di-pang-akademikong proyekto sa estudyante bilang kondisyon para maka-gradweyt; at hindi dapat obligahin ang mga estudyante na magsuot ng mamahaling kasuotan at/o idaos ang seremonya sa espesyal na mamahaling lugar.

Sa ilang mga 'pasaway', maging sensitibo sana kayo sa damdamin ng mga estudyante lalo na ng kanilang mga magulang na kasiyahan nang makita silang nakatoga at tumanggap ng diploma. Hindi makatarungan na dahil sa inyong pansariling interes ay hindi makapagtapos ang ilang 'paborito' ninyong estudyante, at madismaya ang kanilang mga magulang na nagsakripisyo mapagtapos lamang sila ng pag-aaral.

Hindi kailangang magastos at maluho ang mga *graduation rites*. Ang pinakamahalaga ay ang kasiyahang inihahatid ng okasyon sa mga estudyante at magulang lalo na ang inspirasyong naibibigay nito sa mga estudyante para magsikap na makamit ang kanilang ambisyon sa pamamagitan ng edukasyon.

Sa lahat ng estudyanteng magsisipagtapos ngayong taon, *congratulations and good luck!*

# Necrological service para kay Kgg. Marcial R. Pimentel idinaos, katangian niya bilang kapamilya, opisyal ng bayan, kaibigan inilahad

Sa pangunguna ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado, isang *necrological service* para sa yumaong si Kgg. Marcial R. Pimentel ang idinaos ng pamahalaang panlalawigan noong Marso 29, ganap na ika-8 n.u. sa *Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports Center, Provincial Capitol*, Daet. Ito ay bilang pagkilala at pagpupugay sa naging mahalagang kontribusyon ni Pimentel tungo sa paghubog ng ngayo'y isang mas matatag at maunlad na Lalawigan ng Camarines Norte.

Matatandaan na si Pimentel ay nahalal at naluklok sa iba't-ibang mahahalagang posisyon sa iba't-ibang sangay ng pamahalaang lokal. Maliban sa pagkaluklok niya bilang punong bayan ng Daet, si Pimentel din ay nanungkulan bilang gobernador, *congressman* at *assemblyman* ng lalawigan ng Camarines Norte. Hindi niya sinira ang tiwala ng kanyang mga kababayan, mahusay niyang ginampanan ang kanyang tungkulin bilang isang responsableng opisyal ng bayan.

Ang kanyang dedikasyon at matapat na paglilingkuran sa bayan ay nakatawag-pansin sa pamahalaang nasyonal. Dahil sa kanyang mga katangian at malaking potensyal, iniluklok siya ni dating Pangulong Ferdinand E. Marcos sa puwesto bilang *Minister of State for Foreign Affairs*.

Samantala, ang naturang *necrological services* para kay Pimentel ay sinimulan sa pamamagitan ng *entrance of colors, entrance of remains with honor guards*, at ang *entrance of Eucharistic celebrants* na kinabibilangan nina *Rev. Fr.* Rowell Jose P. Abanto, *Director, Diocesan Ministry of Liturgy; Rev. Fr.* Andrei F. Uy. *Parochial Vicar, St. John the Baptist Church*, at *Rev. Fr.* Fidel S. Era, Jr., *rector, Our Lady of Fatima Shrine*. Ang *Eucharistic celebration* ay pinangunahan din ng 3 nabanggit na mga pari.



*Nagbibigay ng kanyang eulogy si Gob Egay Tallado bilang pagpupugay sa namayapang si KGG. Marcial R. Pimentel na binigyan ng Necrological service ng pamahalaang panlalawigan bilang isang dating opisyal ng lalawigan.*

Ang naturang *necrological services* ay tinampukan ng *musical prelude, opening hymn*, at isang *message of condolence* mula kay Gob. Tallado. Nagbigay rin dito ng testimonya ang ilan sa mga dating kasamahan ni Pimentel gaya nina *Judge* Sancho A. Dames; Librado A. Guerra, *a benefactor institution*; Peter Yanto, *a councilman associate*, at Sergio Fuentebella, *a close friend*. Kasama rin sa nagbigay ng testimonya si dating Kongresista Liwayway Vinzons-Chato, *a young peer*; Daet Mayor Tito S. Sarion, *a peer and protégé*, at Lydia C. Abogado, *confidential assistant*.

Ang pagbasa at pagpresenta sa *resolutions of condolence to bereaved family* ay pinangunahan ng mga kinauukulang opisyal ng Sangguniang Panlalawigan, *LGU* San Lorenzo Ruiz, *LGU* Daet at ng *Camarines Norte Water District (CNWD)*. Tinampukan din ito ng *prayer to the bereaved family* at *response* o tugon ng ilang miyembro ng mga naulila ni Pimentel.

Sa pagitan ng mga nabanggit na gawain, pinatugtog ang mga espesyal o paboritong awitin ng yumaong si Pimentel gayundin ang pagbasa ng mga mahahalagang *bible verses*.

Matatandaan na una nang ipinaabot ni Gob. Tallado sa pamilya Pimentel ang kanyang panalangin para sa kapayapaan ng kaluluwa ng yumao gayundin ang taus-puso nitong pakikiramay sa mga naiwan ng yumaong si Kgg. Pimentel na sa puso ng kanyang mga kababayan sa Daet ay mananatiling meyor nila, at bilang gobernador, *congressman*, at *assemblyman* ng Camarines Norte, at *Minister of State for Foreign Affairs* ng ating bansa. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# OSCA officers nanumpa sa tungkulin, benepisyo nila ibinigay ni Gob. Tallado

Pinangunahan kamakailan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang pagsumpa sa tungkulin ng mga bagong halal na opisyal ng *Office of the Senior Citizens Affair -Provincial Technical Working Group (OSCA-PTWG).*

Sa angkop na seremonyang isinagawa noong Marso 20 sa Tanggapan ng Gobernador sa Kapitolyo Probinsyal, ipinaabot ni Gob. Tallado na ang mga *OSCA heads* ng 12 bayan ng lalawigan ay bibigyan ng pamahalaang panlalawigan ng tig-P2,000.00 *honorarium* bawat buwan. Nakatakda nilang tanggapin sa Abril 2012 ang P6,000.00 *honorarium* o tig-P2,000.00 para sa mga buwan ng Enero-Marso 2012.

Ipinahayag ni Gob. Tallado na ibinigay niya ang nasabing benepisyo sa mga *OSCA heads* bilang pagkilala sa mga nakatatanda na siya umanong pangunahing nagpatatag sa pundasyon ng ating bansa; nagpaunlad sa ating mayamang kultura; sining at tradisyon; at gumabay sa atin tungo sa pagbuo ng isang matatag at maunlad na bansa na ang mga mamamayan ay nagmamahal sa kapayapaan at pagkakaisa.

Samantala, ang mga nahalal na opisyal ng *OSCA-PTWG* na kumakatawan sa mga *senior citizens* o nakatatanda sa kani-kanilang munisipalidad ay ang mga sumusunod: Pangulo - Goito Sta. Clara (Basud); Pangalawang Pangulo - Raymundo P. Rodelas (Jose Panganiban); Kalihim – Irene S. Madera (Capalonga); Ingat-Yaman – Pilar P. Jariel (San Vicente); Tagasulit *(Auditor)* – Feliciano N. Monte (Talisay), at *Board of Directors (BODs)*: Ely M. Avecilla (Daet); Juanito delos Reyes (Mercedes); Angeles Era (Paracale); Aurelia Velacruz (Vinzons); Estelita S. Laurel (Sta. Elena); Dulce Espeso (Labo), at Adelaida Dimas (San Lorenzo Ruiz).

Matatandaan na isinulong kamakailan nina Kongresista Rodel M. Batocabe, Christopher Co at Alfredo A. Garbin, Jr. ng AKO Bikol *Partylist Group* ang *House Bill 5343 – Legal Assistance for Senior Citizens of the Philippines.* Hinihingi nito ang pagkilala ng pamahalaan sa pangangailangan ng mga nakatatanda na mabigyan ng libreng serbisyong ligal *(legal services)* katulad ng nilalayon ng *Expanded Senior Citizens Act of 2010*. Ang *senior citizen* o nakatatanda ay tumutukoy sa sinumang mamamayan ng Pilipinas na may edad 60 taon at higit pa.

Samantala, iniakda naman ni Kongresista Godofredo Arquiza ang *House Bill 02292 – An Act Providing for the Appointment of a Representative from the Senior Citizens Sector in every Sangguniang Barangay, Sangguniang Bayan, Sangguniang Panlungsod and Sangguniang Panlalawigan*.

Ang nabanggit na panukalang batas ay sunsog sa Seksyon 1 (b) ng *Republic Act 9994 (Expendad Senior Citizens Act of 2010)* na nagsasabing dapat bigyan ng buong suporta ang mga nakatatanda *(elderly)* para sa kanilang pangkabuuang pag-unlad at sila ay lubos na makabahagi sa mga gawain sa komunidad bilang pagkilala sa kanila bilang mahahalagang mamamayan ng bansa. Itinatakda naman sa *paragraph c* ng *RA 9994* na dapat hikayatin at bigyan ng motibasyon ang mga *senior citizens* para makapag-ambag sila sa paghubog ng bansa. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Multi-Services Caravan ...

***(Mula sa pahina 8)***

serbisyo sa taumbayan.

Nakakasama ni Gob. Tallado sa mga serye ng *caravan* sina Bise Gob. Pimentel at *Atty.* Sim O. Mata, Jr., *Provincial Legal Officer* at *Caravan Project Director*.

Sa *caravan* sa Brgy. Bakal, Paracale noong Marso 9, pinangunahan ni Gob. Tallado ang paggupit ng laso na naghudyat sa pormal na pagbubukas ng bagong gawang Dalhugan *Bridge.* Nakatulong niya rito sina PB Roemeo Rivera ng Bakal, Paracale; Bise Gob. Jonah G. Pimentel at ang kanyang butihing maybahay na si Gng. Josie Baning-Tallado na laging nakasuporta sa kanya.

Lubos na pinasalamatan ni PB Romeo P. Rivera si Gob. Tallado dahil pagkalipas ng mahabang panahon, nagkaroon na ng kongkretong tulay ang kanilang barangay na malaking tulong para sa mas mabilis na transportasyon. Nagpasalamat din si PB Rivera sa iba't-ibang serbisyong nakuha ng kanyang mga ka-barangay mula sa *caravan*.

Bata at matanda man ay pinagsisilbihan sa *caravan*. Kaya para malubos ang kanilang kasiyahan lalo na ng mga kabataan, isinasama sa *caravans* ang mga *Gov. Tallado mascots* na siyang umaaliw at una nang nakikipagdaupang-palad sa publiko habang si Gob. Tallado ay nasa ibang lugar ng *caravan*.



Ang mas pinalawak na *caravan* ay patuloy na isinasagawa ng gobernador para hindi na maabala at magastusan ang publiko sa pagpunta sa Kapitolyo Probinsyal para lamang humingi ng tulong-medikal at iba pa. Sa pamamagitan nito, direktang inihahatid sa mga barangay ang libreng serbisyong medikal, dental, pangkalusugan at nutrisyon gayundin ang mga impormasyon sa mga programang pang-edukasyon at oportunidad sa trabaho. Ipinamimigay rin dito ang *mandatory cash assistance* para sa mga barangay at kopya ng mga *assessment rolls*.

Sinusuportahan din ng *caravan* ang programang pang-agrikultural, pampangisdaan at pangkapaligiran man sa pamamagitan ng pamimigay ng mga pantanim na butong-gulay, punungkahoy, bungang-kahoy, at semilya ng tilapia at sugpo. Minsan din ay namimigay rito ng alagaing baboy, kalabaw o kambing man bilang alternatibong hanapbuhay pati na bitamina sa mga alagaing hayop.

Ang personal na kaayusan ng bawat indibidwal ay napabubuti sa libreng gupit, tina at *hot oil* na handog ni Gob. Tallado at kanyang maybahay na si Mam Josie sa

***(Sundan sa pahina 7)***




*1. Aliw na aliw ang mga kabataan at mga magulang sa Gob. Egay Mascot habang ito ay sumasayaw sa Brgy. Mabilo II, Labo; 2. Nagpapasalamat si Mayor Alex Pajarillo-Lo ng Mercedes kay Gob. Egay Tallado dahil sa pagsasagawa nito ng multi-services caravan sa Brgy. Manguisoc, Mercedes; 3. Nagbibigay naman ng mensahe si Bokal Pol V. Gache sa kanyang mga kababayan sa Poblacion, Talisay kung saan hinikayat niya ang kanyang mga kababayan na makiisa sa isinasagawang MS Caravan doon, at 4. Ang mga mamamayan ng Brgy .Napaod, Labo na nakapila para sa libreng konsulta at gamot na dala ng MS Caravan ni Gob Egay Tallado at ng pamahalaang panlalawigan.*

# Patas at ligtas na gawing-kalakalan sa industriya ng langis isinusulong ng pamahalaang nasyonal

Ang ilang matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte ay nakipagpulong noong Marso 9 sa ilang kinatawan ng *Oil Industry Management Bureau (OIMB)* na nasa ilalim ng pamunuan ng *Department of Energy (DOE)*. Tinalakay sa pulong ang *Focused Inspection and Information, Education and Communication (IEC) Program* ng *OIMB* na layuning maipaabot sa publiko ang mga katangi-tanging inisyatibo at programa ng *DOE*.

Dumalo rin sa nasabing pulong ang ilang opisyal at kinatawan mula sa *Department of Trade and Industry (DTI), Department of the Interior and Local Government-Bureau of Fire Protection (DILG-BFP), Philippine National Police (PNP), Business Permit and Licensing Office (BPLO)* at *Provincial Treasurer's Office (PTO)*.

Napag-alaman din sa pulong na anumang araw simula Abril 16-27, 2012, dadalhin ng *DOE-OIMB* ang kanilang *Focused Inspection and IEC Program* sa apat na probinsya rito sa Rehiyong Bikol kasama ang Camarines Norte gayundin ang Albay, Camarines Sur at Sorsogon . Isinasagawa ito ng *DOE-OIMB* sa iba't-ibang panig ng bansa sa layuning matiyak ang ligtas at patas na gawing-pangkalakalan sa pagitan ng mga namumuhunan sa industriya ng langis.

Ang ilang aktibidad na nakapaloob dito ay ang: *industry data gathering* (pagkalap ng datos patungkol sa industriya); *compliance monitoring* (pagsubaybay kung sumusunod ang mga establisimyento sa mga patakaran at alituntunin ng pamahalaan); *simultaneous inspection at establishment's premises* (magkakaalinsabay na pag-inspeksyon sa paligid ng mga establi-simyento); at *information, education and communication (IEC) campaign* para sa lahat ng mga tagapagtaguyod nito.

Ang konseptong ginagamit sa *Focused Inspection and IEC Program* ay ang *integrated and focused-based approach*. Ito ay sa layuning masubaybayan kung ang mga alituntunin at patakaran na itinakda ng pamahalaan ay nasusunod ng mga kaukulang sektor sa industriya ng langis. Partikular na rito ang pagtiyak na ang umiiral at tamang presyo ng mga produktong petrolyo at langis sa merkado ng bansa ay nasusunod sa pagbebenta ng *liquid petroleum products* (*diesel*, gasolina, atbp.) at *liquefied petroleum gas (LPG)*.

Ang naturang programa ay ipinatutupad ng *DOE* sa pamamagitan ng *OIMB* at sa pakikipag-ugnayan sa, at sa pakikipagtulungan ng *DTI, DILG-BFP-PNP* at kinauukulang mga pamahalaang lokal.

***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# GK Kalinga sa Bayan Campaign hakbang para unti-unting wakasan ang insidente ng kahirapan

Ang ilang kinatawan mula sa Gawad Kalinga-*Bicol Region* ay nakipagpulong kamakailan sa ilang matataas na opisyal ng pamahalaang lokal at pambansang ahensya dito sa Camarines Norte. Pangunahing tinalakay sa pulong ang mga mahahalagang detalye ukol sa pagpapalaganap ng kanilang GK Kalinga sa Bayan *Campaign*. Isa itong malawakang kampanya para unti-unting mawakasan ang insidente ng kahirapan sa rehiyon at sa bansa man, *one town at a time*.

Isinasagawa ng GK-*Bicol Region* ang kampanya sa pamamagitan ng pagkumbinsi sa mga Pilipino na tumulong sa pagbuo ng bansa salig sa diwa ng bayanihan. Nagsisilbi rin itong oportunidad sa bawat isa sa atin para makapaglingkod sa ating bayan at sa ating kapwa.

Layunin ng GK Kalinga sa Bayan *Campaign* na makabuo ng isang aktibong pamayanan kung saan ang mga Pilipino ay tumutugon sa panawagan na tumulong sa pagtuldok sa kahirapan sa mga bayan at siyudad kung saan sila ipinanganak, naninirahan o sa lugar na malapit o may espesyal na puwang sa kanilang mga puso. Ang layuning ito ay mas mabilis at epektibong maisasakatuparan sa pakikipagtulungan sa mga pampubliko at pribadong sektor man.

Ayon kay Eric Jason Salvino, GK *Area Coordinator for Bicol Region*, ang Gawad Kalinga ay nakabuo na ng mahigit 2,000 komunidad sa pamamagitan ng kanilang mga katuwang na ahensya ng pamahalaan at pribadong samahan dito sa Pilipinas at maging sa iba't-ibang bansa sa mundo.

Patuloy umanong kumikilos ang kanilang grupo para maisakatuparan ang kanilang bisyon na sa pagdating ng taong 2024 ay mawakasan na ang kahirapan ng 5 milyong mahihirap na pamilya. Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng lupa sa mga walang lupain *(Land for the Landless)*; bahay para sa mga walang tirahan *(Home for the Homeless)*, at pagkain para sa mga nagugutom *(Food for the Hungry)*.

Lubos na sinusuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang GK Kalinga sa Bayan *Campaign* na ayon sa kanya ay makatutulong para kahit paano ay maibalik ang dignidad ng ating mahihirap na mga kababayan. Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng disenteng matitirahan. Ito ay bukod pa sa pagbibigay sa kanila ng oportunidad na magkaroon ng alternatibo at/o karagdagang hanapbuhay para matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya at maging produktibong mga mamamayan ng ating bansa. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# PSWDO-CN...

*(Sundan sa pahina 3)*

EGAY *Provincial Multi-Services Caravan* ng pamahalaang panlalawigan. Sila ay naghahatid ng iba't-ibang serbisyo-publiko katulad ng libreng gupit ng buhok, pagbunot ng ngipin, at iba pa. Ito ay maliban pa sa pagtulong nila sa pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan sa mga barangay na pinagdarausan ng mga serye ng *caravans* dito sa Camarines Norte. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Earthquake drill ...

*(Mula sa pahina 3)*

ating sarili at ang ating kapwa.

Kaugnay nito, hiningi ni Gob. Tallado ang lubos na kooperasyon ng lahat sapagkat aniya, ang lindol at iba pang kalamidad, emerhensya at aksidente ay walang pinipiling bibiktimahin - bata o matanda, babae o lalake, mahirap man o mayaman. Dahil dito, mahalaga umano na laging nating isaisip, isapuso at isabuhay ang mga impormasyon, kaalaman at kasanayan ukol sa tamang pagkilos kung may lindol o anumang kalamidad o emerhensya. Dapat din na ibahagi natin ito sa ating mga kapamilya, kaibigan, kapitbahay man nang sa gayon ay mailigtas nila hindi lamang ang kanilang sarili kundi ang iba pa.

Isinusulong nit Gob. Tallado ang mga inisyatibong pangkaligtasan sapagkat naniniwala siya na ang kaunlaran ng bansa ay nakasalalay sa mga matatalinong mamamayan nalaging handa sa pagharap sa anumang uri ng kalamidad, sakuna, panganib at/o emerhensya man. ***LORENA DELA TORRE***

# Karapatan, kakayahan...

*(Mula sa pahina 3)*

*Council on Disability Affairs, Reorganizing its Membership and Redefining its Functions"* ay iniharap sa pulong. Nagkaroon ng deliberasyon ang grupo na nagresulta sa pagbago o pagpalit sa ilang probisyon ng naturang kautusang tagapagpaganap para maiakma ito sa tunay na sitwasyon at pangangailangan ng mga kababayan nating *PWDs*.

Napagkasunduan sa pulong na magkakaroon na ng *quarterly meeting* ang *PCDA*. Ang magiging tagapamuno *(chairman)* nito ay manggagaling sa isang *non-government organization (NGO)* na hihirangin ni Gob. Tallado na ang estado ng panunungkulan ay *co-terminus* sa gobernador. Ipinaabot naman ng mga kinatawan ng *LGU Daet* na inihahanda na nila ang *IDs* ng kanilang mga residenteng *PWDs* para matamasa nila ang mga benepisyo at pribilehiyong kaakibat nito.

Matatandaan din na ang *Convention on the Rights of Persons with Disabilities* ay pinagtibay ng *United Nations General Assembly* noong Disyembre 6, 2006 sa ilalim ng Resolusyon A/61/611 na kinikilala ang pangangailangan para isulong at pangalagaan ang mga karapatang pantao at pangunahing kalayaan ng lahat ng taong maykapansanan, at itaguyod ang kanilang dignidad kasama na ang iba pang aspetong nangangailangan ng mas pinag-ibayong suporta. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***



# Women's Rights...

(Mula sa pahina 2)
pangyari-hang puwersa tungo sa pagbabago partikular na sa *disaster risk reduction (DRR)* o pagbawas sa masasamang epekto ng kalamidad, emerhensya at/o trahedya.

Binigyang-diin din sa tema ngayong taon na pangunahing obligasyon ng pamahalaan na tiyakin na ang lahat ng mga pamamaraan ay mapasisimulan sa pamahalaang nasyonal at lokal man para mabawasan ang mga panganib at makabuo ng isang matatag na komunidad sa pakikipagtulungan na rin ng bawat mamamayan.

Isinusulong din nito ang patuloy na pambansa at lokal na mga pagsisikap bilang suporta sa implementasyon ng *Magna Carta of Women*. Kabilang din dito ang pag-abot sa isa sa 8 *Millennium Development Goals (MDGs)*, ang **Goal 7** – *Ensure Environmental Sustainability.*

Ang *MDG* ay tumutukoy sa 8 *international development goals* na napagkasunduan ng 193 na mga bansang miyembro ng *United Nations (UN)* at ng 23 *international organizations* na maisakatuparan nila pagdating ng taong 2015. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

**Goal 1-***Eradicate extreme poverty and hunger;* **Goal 2-***Achieve universal primary education;* **Goal 3-***Promote gender equality and empower women;* **Goal 4-***Reduce child mortality;* **Goal 5-***Improve maternal health;* **Goal 6-***Combat HIV/AIDS, malaria and other diseases,* at **Goal 8.** *Develop a global partnership for development* **LORENA DELA TORRE IBASCO**

# 2-araw na Internal ...

(Mula sa pahina 8)
pagbabago at kaunlaran ng bansa.

Sa naturang *forum*, tinalakay ang mga sumusunod: *Lecture on IPSP; Lecture on Police* sa Barangay–*Philippine National Police (PNP); Lecture on Drugs – Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA)*, at *Lecture on Programs on Peace and Order Committee at the Barangay Level – Department of the Interior and Local Government (DILG).*

Nagkaroon din ng *open forum* na pinangasiwaan ng *PNP, AFP* at *DILG* kung saan nabigyang-linaw ang mga isyu ukol sa implementasyon ng *IPSP* Bayanihan.

Samantala, una nang inanyayahang dumalo sa *forum* ang mga punong barangay mula sa 12 bayan ng lalawigan. Ang unang grupo *(batch)* ng mga kalahok ay mula sa Basud, Daet, Labo, Mercedes, San Lorenzo Ruiz, San Vicente at Talisay. Ang ikalawang grupo *(batch)* ay kinabilangan naman ng mga punong barangay mula sa mga bayan ng: Capalonga, Jose Panganiban, Paracale, Sta. Elena at Vinzons.

Samantala, dumating din sa *IPSP forum* ang ilang punong bayan bilang suporta sa naturang inisyatibong pangkapayapaan ng pamahalaang nasyonal.

Nakiisa rin sa 2-araw na gawain ang ilang kinatawan mula sa *Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Agriculture (DA), Department of Environment and Natural Resources (DENR); Department of Health (DOH); Department of Public Works and Highways (DPWH), Provincial Disaster Risk Reduction Management Council (PDRRMC)*, at mga bokal na kakatawan sa *Provincial Peace and Order Committee (PPOC).*

Ang naturang 2-araw na *forum* ay isa sa mga pangunahing hakbang sa implementasyon ng *IPSP* Bayanihan na isinusulong ng *49th Infantry (Good Samaritans) Battalion*, isa sa mga yunit ng *Philippine Army (PA)* na nasa ilalim ng *9th Infantry (Spear) Division* at nakabase sa Brgy. Mahawanhawan, Labo. Sa ilalim ng *IPSP* 'Bayanihan', gagampanan nila ang kanilang mandato mula sa *AFP* na pagsilbihan at protektahan ang taumbayan alinsunod sa pamantayan ng *IPSP*.

Lubos namang kinikilala ng pamahalaang nasyonal ang mahalagang kontribusyon ng bawat isang mamamayang Pilipino, mga ahensya ng pamahalaan, pansibikong organisasyon, at lokal na komunidad sa pagsusulong ng tunay na pambansang kapayapaan at kaayusan. **LORENA DELA TORRE IBASCO**

# Multi-Services Caravan ...

(Continued from page 5)
pamamagitan ng kanilang Handog-Gupitan. Ang pagod at nananakit na katawan ng mga taga-barangay ay nari-relaks naman sa libreng masahe at *reflexology service* na hatid ng *caravan*.

Narito ang iskedyul ng *caravan* at ang mga barangay na nabenepisyuhan: Marso 2 (Basud)- Taisan (Hinampacan, Oli-va, Pinagwarasan at Tacad) at Poblacion 1 (Mampili, Manmuntay, Mocong at San Jose); Marso 9 - Bakal, Paracale (Labnig, Tabas at Manlucugan, Vinzons) at matango, Vinzons (Dancalan, Mampungo at Awitan); Marso 16 (Mercedes) - Caringo (Apuao at Quinapaguian) at Manguisoc (Catandunganon, Cayuc-yucan, Gaboc at Mambungalon); Marso 23 (Labo) - Napaod (Bayan-Bayan, Benit at Matanlang) at Mabilo 1 (Mabilo 2 at San Antonio), at Marso 30 - Calangcawan Norte, Vinzons (Calangcawan Sur at Poblacion 1).

Ang grupo ni Gob. Tallado ay nagsagawa rin ng *special caravan* sa Brgy. Tamisan, Jose Panganiban noong Marso 20. Sa *special caravan* sa Poblacion, Talisay noong Marso 23, nabenepisyuhan din ang mga estudyante mula sa 4 na paaralang sekondarya at 13 elementarya.

Nasa ibaba ang talaan ng isinagawang *caravans* at ang bilang ng mga naging benepisyaryo nito:

| | Marso 2 BASUD | | Marso 9 PARACALE | VINZONS | Marso 16 MERCEDES | | Marso 23 LABO | | TALISAY | Marso 20 JOSE PANGANIBAN | Marso 30 DAET | VINZONS |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pob. 1 | Taisan | Bakal | Matango | Caringo | Manguisoc | Napaod | Mabilo | Poblacion | Tamisan | Alawihao | Cal. Norte |
| Serbisyong Medikal/Gamot/Bitamina | 1,130 | 918 | 625 | 606 | 638 | 1,383 | 536 | 506 | 726 | 435 | 805 | 726 |
| Bunot ng Ngipin | 212 | 197 | 99 | 130 | 99 | 254 | 75 | 107 | 121 | 83 | 245 | 134 |
| *Blood Typing/Blood Sugar* | 168 | 259 | 101 | 109 | 127 | 98 | | | | | | |
| *Reading Glasses* | 217 | 198 | 128 | 72 | 165 | 189 | 102 | 98 | 122 | 58 | 167 | 195 |
| *Reflexology/Massage Services* | 150 | 70 | 69 | 66 | 45 | 35 | 65 | 61 | 51 | | 61 | 64 |
| Lugaw ni *Warden* | 720 | 408 | 800 | 520 | 520 | 560 | 400 | 400 | 720 | 360 | 720 | 720 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 50 | | 50 | 50 |
| Pantanim na Butong-Gulay | 150 | 150 | 150 | 150 | 150 | 150 | 150 | 125 | 75 | | 150 | 150 |
| *Tilapia Fingerlings* | 11 | 18 | 9 | 10 | 6 | 9 | 10 | 10 | 1 | | 8 | 5 |
| *Cooking Demo on Fish Recipes* | 175 | 83 | 96 | 114 | 96 | 64 | 85 | 85 | 147 | | 95 | 92 |
| Pantanim na Punungkahoy | 100 | 52 | 72 | 120 | 45 | 79 | 40 | 35 | 60 | | 50 | 55 |
| *Anti-Rabies Vaccines* | | | | | | | | | | | | |
| *Animal Dispersal (Carabaos)* | | | | | | | | | | | | |
| *Animal Dispersal (Piglets)* | | | | | | | | | SPECIAL CARAVANS | | | |
| *Cash Assistance to Barangays* | 5 | 5 | 4 | 4 | 3 | 5 | 4 | 3 | | | 1 | 3 |
| *Assessment Rolls* | 5 | 5 | 4 | 4 | 3 | 5 | 4 | 3 | | | 1 | 3 |
| Libreng Tsinelas | | | | | | | | | | | | |
| Libreng Gupit ng Buhok | 243 | 271 | 116 | 160 | 165 | 128 | 62 | 185 | 96 | 93 | 201 | 208 |
| Libreng Pagtina sa Buhok | 47 | 97 | 45 | 52 | 66 | 40 | 14 | 36 | 24 | 36 | 83 | 22 |
| Libreng *Hot Oil* | 175 | 160 | 81 | 87 | 56 | 76 | 52 | 114 | 64 | 62 | 94 | 90 |
| Oryentasyon ukol sa: Katarungang Pambarangay | 95 | 54 | 31 | 112 | 32 | 73 | 29 | 20 | 58 | | 30 | 34 |
| *CNPGCEAP* | 95 | 54 | 31 | 112 | 38 | 73 | 29 | 20 | 58 | | 30 | 34 |
| Mga Batas na Nagbibigay-Proteksyon sa Kabataan at Kababaehan | 95 | 54 | 31 | 112 | 38 | 73 | 29 | 20 | 58 | | 30 | 34 |
| *Job Reference/EDPOSY/NBI Clearance* | 53 | 34 | | | 52 | 11 | 29 | 20 | | | | |
| *Information and Education Campaign (IEC) Materials* | 395 | 354 | 331 | 412 | 32 | 73 | 449 | 120 | 120 | | 330 | 334 |
| *MASCD Lecture* | 121 | 64 | | | | | | | | | | |
| | **4,462** | **3,605** | **2,923** | **3,394** | **2,476** | **3,478** | **2,264** | **2,068** | **2,551** | **1,127** | **3,151** | **2,953** |

***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MARSO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



APRUB KA, EGAY! Ito ang nasambit ni Madam Josie Baning-Tallado, maybahay ni Gob. Tallado, nang ipakilala ang isa sa mga Gob. Egay Mascot sa Multi-Services Caravan na idinaos sa Brgy. Manguisoc, Mercedes.

# Multi-Services Caravan humataw sa 8 Brgy.

Pinatunayan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na siya ay isang tunay na *marine reservist* sa salita at sa gawa, ika nga. Sa katunayan, hanggang ngayon ay kayod-marino pa rin siya sa salit-salitang paghahatid ng *Provincial Multi-Services Caravan* sa 12 bayan ng Camarines Norte.

Matatandaan na mula sa isang *caravan* lamang tuwing araw ng Biyernes, pagpasok ng Enero 2012 ay ginawa niya itong 2 *caravan* at ngayong Marso ay nagdaos pa ito ng 2 *special caravans.* Dahil dito, mas doble ang naging pagod ng gobernador sa pagparoo't parito sa mga lugar na pinagdarausan ng mga *caravans.*

Nararanasan na rin natin ngayon ang biglang pagbabagubago ng panahon, iinit-uulan, uulan-iinit, ngunit ang determinasyon ni Gob. Tallado na maglingkod ay hindi nagbabago at sa halip ay mas tumindi ang kanyang determinasyon sa paghahatid ng

(Sundan sa pahina 5)



TIMEOUT! Saglit na nagpahinga si Gob. Egay Tallado upang magpasuri ng presyon ng kanyang dugo sa mga volunteer nurses sa serye ng MS Caravan sa Brgy. Napaod, Labo. Sa Caravan sa Poblacion, Taliasy, masayang nakikipagkamay si Gob. Tallado sa 1 sa 2 mascots niya na ipinakilala ni G. Elmer Barrameda.



# 2-araw na Internal Peace & Security Forum isinagawa




Nagbibigay ng mensahe si Gob. Egay Tallado sa pamunuan ng Phil. Army, PNP at ibang ahensiya na dumalo sa 2-araw na Internal Peace & Security Forum na ginanap sa Little Theater. Nagbigay rin ng kani-kaniyang mensahe sa okasyon sina C/Supt. Joselito Esquivel ng CN-PNP at Col. Avila ng Phil. Army. Dumalo rin sa programa si Exec. Asst. IV/OIC PA Joey Boma at ilang kinatawan ng DILG.






Ang 2-araw na *Internal Peace and Security Forum* sa *Little Theater, 2nd Floor, Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)* na isinagawa kamakailan ay tinampukan ng *lectures, discussions* at *workshop* ukol sa *Internal Peace and Security Plan (IPSP)* "Bayanihan" na isinusulong ng pamahalaang nasyonal. Itinaguyod ito ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na naniniwala na ang panloob na kapayapaan at seguridad ang susi para maisulong ang tunay na

(Sundan sa pahina 7)